

# Pagtanggap sa Intralingguwal na Pagsasalin ng Pasyong Bikol ni Tranquilino Hernandez

Rizalyn Sahagun, MAEd  
Ateneo de Naga University

Vasil A. Victoria, PhD  
Ateneo de Naga University  
vvictoria@gbox.adnu.edu.ph

## ABSTRAK

Makapangyarihan ang pagsasalin dahil naiintelektuwalisa nito ang wika at ang tao mismo sa mahabang proseso nito lalo na sa kasalukuyang konteksto. Isang patunay sa realidad na ito ay ang pagbabago sa ortograpiyang ginagamit sa mga relihiyoso at kultural na teksto tulad ng Pasyong Bikol. Nakatuon ang pag-aaral na ito sa Intralingguwal na Pagsasalin ng Pasyong Bikol, matukoy ang mga tuntunin sa Ortograpiyang Bikol na itinatampok ng isinagawang danas sa pagsasalin, at magsagawa ng intalingguwal na pagsasalin sa Pasyong Bikol. Ang pag-aaral na ito ay sumailalaim sa disenyong *Descriptive-qualitative*. Pinili ang mga kalahok sa pag-aaral gamit ang *Convenience Sampling at Purposive Sampling* mula sa Dominorog Calabanga at Lungsod Naga, Camarines Sur. Ginamit din dito ang *Focus Group Discussion (FGD)* at mga pakikipanayam. Natuklasan sa pag-aaral na buhat ng pamilyaridad at persepsiyon sa mga salita o simbolong ginamit sa makabagong bersiyon ng Pasyon, positibong inirerekomenda at tinatanggap ng lahat ng mga kalahok ang isinagawang pagsasaling Intralingguwal. Sa pangkalahatan, ito ay iminumungkahing gamitin sa pagbabasa at pag-aaral ng panitikan, kultura, at maging kasaysayan ng Pasyong Bikol. Karagdagan, bilang isang relihiyosong teksto, hindi nabago ang nilalaman ng nasa makabagong bersiyon. Nakita ito bilang panimulang pag-aaral upang maisulong sa Bikol ang intralingguwal na pagsasalin ng iba pang akdang relihiyoso.

**Mga Susing Salita:** Pasyong Bikol, Intralingguwal na Pagsasalin, Ortograpiyang Bikol, Ortograpiyang Pambansa, Kritisismong Pampagsasalin

## ABSTRACT

The power of translation is evident because it intellectualizes the language and the person itself in its long process especially in the current context. A proof of this reality is the change in orthography used in religious and cultural texts such as Pasyong Bikol. This study focused on the intralingual translation of the Bikol Passion, identified the Bikol and Filipino Orthography rules highlighted by intralingual translation. This study is subjected to Descriptive-qualitative design.

Study participants were selected using Convenience Sampling and Purposive Sampling from Dominorog Calabanga and Naga City, Camarines Sur. Focus Group Discussion (FGD) and interviews were also used here. It was discovered in this study that from the familiarity and perception of the words or symbols used in the modern version of Passion, all the participants positively recommend and accept the Intralingual translation. In general, it is suggested that it be used in reading and studying the literature, culture, and even history of Bikol Passion. Additionally, as a religious text, the content of the modern version has not been changed. This was seen as a preliminary study to promote the intralingual translation of other religious works in Bikol.

**Keywords:** Pasyong Bikol. Intralingual Translation, Ortograpiyang Bikol, Ortograpiyang Pambansa, Kritisismong Pampagsasalin

## INTRODUKSYON

Makapangyarihan ang pagsasalin dahil naiintelektuwalisa nito ang wika at ang tao mismo sa mahabang proseso nito lalo na sa kasalukuyang konteksto. Bilang parehong makaagham at makasining na larang, nalilintang nito ang kredibilidad ng isang tagasalin gayundin ang wika na ginagamit ng tagasalin na nagsisilbing tulay upang magkaroon ng epektibong komunikasyon ang mga taong may magkaibang paraan sa pag-unawa ng wikang sinasalita. Higit sa lahat, ang pagsasalin ay akademikong gawaing humahasa sa kapuwa tagasalin at sa wika nang maitaas ang ganang sarili sa estadong kinalalagyan nito. Ibig sabihin ang isang tagasalin ay mas natututo, nahahasa, at nalilintang ang kaniyang kakayahang mental at propesyonal. Sa usapin naman ng wika ay nagiging bahagi ito ng akademikong proseso at diskursong magagamit sa talakayan at pananaliksik.

Batay sa *Pagsulyap sa Kasaysayan ng Pagsasalin* (Almario 1996), kinilala ni Homer ang bersiyong Latin ng *Odyssey* noong 240 B.K na isinalin ni Livius Andronicus isang aliping Griyego bilang naiulat na pinamatandang pagsasalin sa daigdig. Sa Pilipinas naman, *Doctrina Christiana* (1593) ang pinakaunang nailimbag na salin ng mga panimulang dasal at mga pamantayan sa Katolikong simbahan na ginamit upang maituro ang Kristiyanismo. Samantala, nagsimula namang sumigla ang pagsasalin sa ibang rehiyonal na wika sa bansa nang mabuksan ang mga palimbagan sa Naga, Vigan, Iloilo, Bacolor, at Cebu. Ayon sa panayam ni Kristian Cordero noong 2021, tinatagurian na *siglo de oro* ang panahong ito ng panunungkulan ng obispong si P. Francisco P. Gainza (1862-1879) dahil nagkaroon ng muling paglilimbag at pagsasalin ng ilang akdang Espanyol patungo sa Bikol.

Dahil sa mungkahi ni P. Gainza noong 1950, isa sa nagawang pagsasalin na may aktibong ambag sa pagpapanatili ng tradisyon sa Bikol ay ang bersiyon ni Traquilino Hernandez ng *Mahal na Pasion* ni Gaspar Aquino de Belen. Nailimbag ito noong 1866

sa pamagat na *Casaysayan can Mahal na Pasion ni Jesucristo Cagurangnanta, na Sucat Ipaglaad nin Puso nin Siisay man na Magbasa.*

Mula nang maisalin at sinimulang itanghal sa pamamagitan ng *paupos* o pag-awit tuwing Semana Santa, ang Pasyong Bikol ay kinilala ng mga Bikolano na mahalagang parte ng kultura at panata bilang pakikiisa sa paghihirap ni Hesukristo sa kaniyang pasyon. Nagsisilbi itong panahon ng *paghohohorop-horop* o pagninilay at pagpapatotoo sa introduksyon ni Hernandez na ito ang magbibigay daan upang malinawan sa mga pangamba ang mga Bikolanong gumagamit ng bersiyong Tagalog. Dahil sa Pasyong Bikol, maihahayag nila nang buong puso ang nilalaman nito.

Ang pag-awit ng Pasyong Bikol para sa pangkat ng mga nagpapasyon sa Dominorog Calabanga ay hindi lang simpleng gawi tuwing kuwaresma kundi ito ay may kaakibat na lunas sa anumang pisikal na sakit ng sinumang miyembro ng kanilang pamilya na pinaghahandugan nila ng tradisyon. Para din sa iba, ito ay kanilang ikinakabuhay sapagkat binabayaran sila at naiimbitahan na magbasa ng Pasyon labas sa Bikol ng mga pamilyang may parehong paniniwalang makakaiwas sa anumang sakit o trahedyang ang kanilang pamilya kapag isinagawa ang *paupos* sa loob ng kanilang tahanan.

Sa mahigit 71 taon mula nang mailimbag ang pagsasalin ni Hernandez, patuloy pa ring ginagamit tuwing Mahal na Araw ang bersiyon na ito. Gayunpaman, sa pag-aaral na ito natuklasang may mga nagpapasyon sa Dominorog na tanging silang nagmana lamang ng kakayahang basahin ito ang nagpapatuloy ng tradisyon. Sinisikap nilang ipaunawa at ituro sa kanilang mga anak, apo, o mga batang kamag-anak ang nilalaman ng Pasyong Bikol subalit nauwi lamang sa kanila ang tungkuling itanghal ito. Maliban sa mga nagpapasyon, isa rin sa mga Bikolanong propesor ang nagbahagi ng kaniyang pagsusuri sa ortograpiyang ginamit sa pasyon. Ayon kay Victoria noong 2021 "*Sumasakit ang mata ko sa Pasyong Bikol. Sa gugurang ang ispelang. May mga salita ring hindi ko maunawaan.*" Karagdagan, sa pamantasang Ateneo de Naga-Senior High School na may asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik, hindi rin aktibong napag-uusapan ang Pasyong Bikol bilang panitikan ng rehiyong may mahalagang gampanin sa preserbasyon ng paniniwala o panata ng mga Bikolano. Kung kaya sa pag-aaral, ipinabasa ng mananaliksik ang sampung saknong sa panimula ng Pasyong Bikol. Tinanong din sila sa naging karanasan sa pagbabasa nito at ayon sa ilang mag-aaral ay mas nahihirapan silang basahin at intindihin ang nasa makalumang bersiyon dahil ang estilong pagsulat na ginamit dito ay hindi na nakikita sa mga araw-araw at kasalukuyan nilang panahon.

Bilang tugon sa suliraning nararanasan ng mga makabagong henerasyon na nahihirapang basahin ang pinakaunang bersiyon ng Pasyong Bikol, minarapat pag-aralan ang paksang ito na nakapokus sa intralingguwal na pagsasalin ng Pasyong Bikol at kung paano ito tatanggapin ng mga kalahok sa pag-aaral. Sa kontekstong ito, ginamit na batayan ng pagsasalang intralingguwal ang Guide to Bikol Orthography ni P. Wilmer Joseph

S. Tria (2014), Ortograpiyang Pambansa ng Komisyon ng Wikang Filipino (2013), at ang intralingguwal na pagsasalin ni Roman Jakobson (1959).

Ayon sa pag-aaral na *Conflicting Voices: An Analysis of Intralingual Translation from British English to American English* (2021), ang bentaha sa paraan ng dulog ni Jakobson ay hindi lamang sa pagpapakilala nito bilang transpormasyon ngunit kaniya ring inihalintulad ang pagsasaling may saklaw na malawak na balangkas. Itinuturing ang pagsasaling intralingguwal bilang “*rewording*” at may mahalagang salik na kasangkot sa paglilipat at pagpapasigla ng kultura at ng kultural nitong balangkas na nakapaloob sa isang teksto.

Sa pananaliksik na ito, mauunawaan ang iba’t ibang alituntuning maitatampok sa Intralingguwal na Pagsasalin ng Pasyong Bikol sa tulong ng gabay sa Ortograpiyang Bikol (OB) at Ortograpiyang Pambansa (OP). Maliban dito, upang makompleto ang proseso ng pagsasalin, sumailalim sa kritisismong pagsasalin ni Newmark ang nabuong bersiyon ng Pasyong Bikol. Nahahati ang prosesong ito sa apat na bahagi na kinabibilangan ng (1) pagsusuri sa intensiyon, gamit ng wika, tono, tema, rehistro, estilo, kalidad, katangiang kultural, ipinapalagay ng manunulat, at lunan ng teksto sa pinagmulang wika o Simulaang Lengguwahe (SL) ng pasyon na ang wikang Bikol na may lumang estruktura, at magpanukala ng angkop na metodo ng pagsasalin; (2) paggawa ng masusing paghahambing sa teksto sa SL at kahahantungan o Tunguhang Lengguwahe (TL) ang kasalukuyang wikang Bikol alinsunod sa OB, na may pagbibigay-diin sa lahat ng mahalagang pagkakaiba sa kahulugan, estilo, gamit, at ideolohiya ng pasyon; (3) paglalahad sa pagkakaiba ng kabuoang impresyon sa pagitan ng bersiyon na nasa SL at nasa TL; at (4) pagkakaroon ng pagtataya sa ginawang salin.

### **Paglalahad ng mga Suliranin**

Ang layunin sa pananaliksik na ito ay maisalin sa paraang intralingguwal ang Pasyon sa Bikol at masuri ito sa tulong ng 10 piling nagpapasyon sa Barangay Dominorog, Calabanga, Camarines Sur kasama ang ilang piling mag-aaral sa *Ateneo de Naga University Senior High School* na kumuha ng asignaturang *Pagbasa at Pagsusuri ng Iba’t Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik* taong panuruan 2021-22, at ang piling tatlong paring may kaalaman sa Pasyon.

Sa kasalukuyan, isinasagawa pa rin ang paupos o pag-awit ng Pasyon na gumagamit ng bersiyon ni Hernandez (1866) tuwing sasapit ang Kuwaresma. Pinagtibay ni Kap. Asuro (2021) ng Dominorog, Calabanga, Camarines Sur na ang bersiyong Hernandez (1866) ang kanilang ginagamit tuwing Semana Santa. Kaugnay sa pag-aaral na ito, ipapakita ng mananaliksik ang mga naging pagtanggap sa intralingguwal na pagsasalin ng Pasyong Bikol sa mga piling nagpapasyon o *parapanganam* at maging sa mga kalahok na mambabasa nitong mag-aaral, at kinatawan ng simbahan. Nais sagutin sa pananaliksik na

ito ang mga tanong na: 1. Anong mga aspektong intralingguwal na salin ang naisagawa sa Pasyong Bikol batay sa apat na na batayang hakbang sa kritisismong pampagsasalin ni Newmark? 2. Ano ang mabubuong tuntunin sa Ortograpiyang Bikol ang itinatampok ng isinagawang danas sa pagsasalin? 3. Paano isinagawa ang intralingguwal na pagsasalin sa Pasyong Bikol? 4. Ano ang saloobin sa makabagong bersiyon ng Pasyon ng mga: a. nagpapasyon, b. piling mag-aaral sa Senior High School, at c. tatlong pari?

## **METODOLOHIYA**

Ang pag-aaral na ito ay sumailalaim sa disenyong Descriptive-qualitative dahil taglay nito ang sumusunod na paraan: (1) intralingguwal na pagsasalin ng pasyon, (2) pagbibigay ng deskripsiyon at pagrerekord sa anotasyon, (3) pagbibigay ng kritisismong pampagsasalin, at (4) pagbibigay ng interpretasyon sa mga naging saloobin ng kalahok sa pag-aaral. Upang matugunan ang unang suliranin, ginamit ang intralingguwal na pagsasalin salig sa teoryang Dynamic equivalence, Appraisal theory, at Sociolinguistic theory. Dito maipapakita ang halaga ng pagdedesisyon ng isang tagasalin sa aktuwal na proseso ng pagsasalin na may pagsasaalang-alang sa kaniyang target audience at lipunang ginagalawan. Sa pag-aaral ding ito, mahalaga ang intensibong pagbabasa at pagsusuri ng binagong bersiyon ng Pasyon na nakabatay sa Ortograpiyang Bikol at Ortograpiyang Pambansa upang matugunan ang pangalawang suliranin. Nakaakibat lagi sa intensibong pagbabasa ang pagsasagawa ng anotasyon ng lahat ng mga obserbasyong nakalap ng tagasalin sa kaniyang aktuwal na danas habang nagsasalin. Karagdagan dito, sasailalim ang nabuong pagsasalin sa Triangularization method upang matiyak ang kalidad ng pagsasalin sa tulong ng *content expert*. Kasunod sa prosesong ito, magaganap ang FGD na ipa-facilitate ng mananaliksik kasama ang 10 parapanganam, 10 mag-aaral mulang AdNU-SHS, at ang 3 paring kinatawan ng simbahan.

### **Intalingguwal na Pagsasalin ng Pasyong Bikol batay sa Apat na Batayang Hakbang sa Kritisismong Pampagsasalin ni Newmark**

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga personal na danas ng mananaliksik sa pagsasagawa ng intralingguwal na pagsasalin ng Pasyong Bikol batay sa apat na hakbang sa Kritisismong Pagsasalin ni Newmark.

Narito ang apat na hakbang ng kritisismong pagsasalin: (1) pagsusuri sa intensiyon, nangingibabaw na ginamit na wika, tono, tema, rehistro, estilo, kalidad, katangiang kultural, ipinapalagay ng manunulat, at lunan ng teksto sa SL ng pasyon, at magpanukala ng angkop na metodo ng pagsasalin; (2) gumawa ng masusing paghahambing sa teksto sa SL at TL, na may pagbibigay-diin sa lahat ng mahahalagang pagkakaiba sa kahulugan, estilo, gamit, at ideolohiya ng pasyon; (3) ilahad ang pagkakaiba ng kabuoang impresyon sa pagitan ng bersiyon na nasa SL at nasa TL; (4) magkaroon ng pagtataya sa ginawang salin.

Karagdagan din sa inilahad ni Newmark (1988), kailangang bigyang-taya ng awtoridad na propesyonal na kritiko o guro ang pagsasaling intralingguwal na naisagawa kung kaya minarapat ng mananaliksik na maliban sa *personal criticism* ni Torop (Sipi kay Osimo, 2004) ay magkaroon pa rin ng balidasyon ang naisagawang ng kritisismo sa tulong ng guro sa pagsasalin at *content validators*.

**Unang Hakbang-** Sa pagsusuri ng kabuoang pagsasalin, **intensiyon** nitong maitampok sa mga kasalukuyang mambabasa ang panimula ng intralingguwal na pagsasalin ng Pasyong Bikol mula sa bersiyon ni Hernandez (1866). Intensiyon din nitong matukoy ang kanilang pagtanggap sa kasalukuyang bersiyon sa pamamagitan ng *FGD* at *interviews*. Bilang patunay sa pagtatamo ng mga intensiyong ito, naging bukas ang 10 parapanganam, 10 piling mag-aaral, at 3 pari upang basahin ang panimula ng intralingguwal na pagsasalin ng Pasyong Bikol. Ang kanilang mga saloobin ay nakalahad sa pagtalakay ng ikaapat na suliranin sa kabanatang ito.

Karagdagan, masusuri naman na ang **nangingibabaw na lengguwaheng** ginamit sa makabagong bersiyon ay ang kasalukuyang sinasalitang wikang Bikol. Naging angkop ang paggamit nito dahil katulad ng wikang Ingles na nagsisilbing bahagi na ng wikang pambansa, ang wikang Bikol bilang isang rehiyonal na wika ay nararapat lamang na mas paigtingin at panatilihin buhay sa tulong ng panitikan at mga oral na tradisyon. Gayundin, upang matamo ang konsistensi sa pagbabaybay at pag-oorganisa ng mga salitang Bikol, mahigpit na sinunod dito ang *Guide to Bikol Orthography* ni Tria (2014) at Ortograpiyang Pambasa ng KWF (2014). Sumangguni rin ang mananaliksik sa iba't ibang mapagkakatiwalaang diksiyonaryo katulad ng *Bikol Dictionary* ni Malcolm W. Mintz (2004), ang *web* diksiyonaryo ng Komisyon sa Wikang Filipino (2022), at *diksiyonaryo.ph*.

Samantalang, dahil maituturing na isang relihiyosong teksto ang Pasyon, **hindi makikita ang anumang pagbabago sa tono, tema, rehistro, estilo, kalidad, katangiang kultural, ipinapalagay ng manunulat, at lunan ng teksto sa SL** dahil hindi naman layunin ng pag-aaral na itong bumuo o magdestrunga ng naratibo batay sa akda. Higit na pinapalagahan dito ang katangiang kultural ng mga gumagamit ng Pasyon kaya bilang pagsusulong sa akademikong aspekto, isang paraan upang lumawak pa ang awdyens nito ay ang paglilipat ng makalumang bersiyon sa kasalukuyan gamit ang mga salitang nauunawaan ng mga mambabasa na nasa anumang gulang. Upang masuri ang pagtupad sa unang hakbang batay kay Newmark (1988), makikita sa Talahanayan 1 ang aktuwal na pagsasalin ng panimulang panalangin na mababasa sa parehong bersiyon.

**Talahanayan 1**

Luma at Bagong Bersiyon ng Panimulang Panalangin sa Pasyong Bikol

<b>PASION BICOL</b> <i>(Lumang bersiyon)</i>	<b>PASYON BIKOL</b> <i>(Binagong bersiyon)</i>
<p><b>PAMIBI SA DIOS</b></p> <p>Oh Dios ca sa calagnitan Hade caining quinaban, Dios na daing cabarang: masoripot na macacamhan, burabod nin cadonognan.</p> <p>Ica an Amang padagos na namomotan na orog, Ama na di matatapos: maheracon na magsacop sa tauong daga na alpog.</p> <p>Itogot mo samo gnunian, Dios Amang macacamhan magdalita samong camtan an saquit na pagkaugay Can Aqui mong naoyayan.</p>	<p><b>PAMIBI SA DYOS</b></p> <p>O Dyos ka sa kalangitan Hade kaining kinaban, Dyos na daing kabarang: masuripot na makam'han, burabod nin kadunungan,</p> <p>Ika an Amang padagos na namumutan na urog, Ama na 'di matatapos: maherakon na magsakop sa tawong daga na alpog.</p> <p>Itugot mo samo ngunyan, Dyos Amang makakamhan, magdalita samong kamtan an sakit na pagkaugay Kan Aki mong nauyayan</p>
<p><b>PAMIBI SA MAHAL NA VIRGEN</b></p> <p>Ica man, Virgen Maria, Hade ca, Ina nin gracia laen sa magna <i>sampaga</i> di maluos, di malanta can gayon mong masangaya.</p> <p>Ica naman gnani lamang <i>Sedes Sapientiae</i> an gnaran, <i>tucauan nin cadonognan</i> caban cang pinagllavihan nin Dios sa calagnitan.</p> <p>Torrens daing icadua ni David hadeng <i>Profeta</i>, harong bulauan sinadya; paghidcan na talaga nin icaduang <i>Persona</i>.</p>	<p><b>PAMIBI SA MAHAL NA BIRHEN</b></p> <p>Ika man, Birhen Maria, Hade ka, Ina nin grasya lain sa mga sampaga 'di maluyos, 'di malanta kan gayon mong masangaya.</p> <p>Ika naman ngani lamang <i>Sedes Sapientiae</i> an ngaran tukawan nin kadunungan kaban kan pinaglyabihan nin Dyos sa kalangitan.</p> <p>Toreng daing ikadua ni David Hadeng Propeta, harong bulawan sinadya; paghihidkan na talaga nin ikaduwang <i>Persona</i>.</p>

<p>Ica man Virgen na mahal, bitoon sa cadagatan, pararagna nin camondoan: cuta ca nin macasalan, marigon sa carigonan.</p> <p><i>Reyna</i> cang orog calinig gabos nin magna Angeles, pagomao day maisip nin <i>Tronos Dominaciones</i>, <i>Virtudes o Potestades</i>.</p> <p><i>Emperatriz</i> cang maogma nin magna santos <i>Profeta</i>, Virgen na daing casama, Orog sa babayeng iba na sa Mesias nagcaya.</p> <p>Mantang ica daing iba Ina nin Misericordia, inaayayang talaga nin herac mahal na gracia, bagsic nin tulong <i>Persona</i>.</p> <p>Cami an olod na basang sa daga na magna lamgam lacob nin magna caratan, Virgen cundi mo tabagnan, ¿anong samong capacanan?</p>	<p>Ika man Birhen na mahal, bituon sa kadagatan par’ranga nin kamunduan kuta ka nin makasalan, marigon sa karigunan</p> <p>Reyna kang urog kalinig gabos nin mga Angeles pag-umaw dai maisip nin <i>Tronos Dominaciones</i>, <i>Virtudes o Potestades</i></p> <p><i>Emperatriz</i> kang maogma nin mga Santos <i>Propeta</i>, Birhen na daing kabanga, Urog sa babaying iba na sa Mesias nagdara</p> <p>Ika sana mayong iba Ina nin Misericordia inaayayang talaga nin herak mahal na grasya bagsic nin tulong Persona.</p> <p>Kami an ulod na basang sa daga na mga lamgam lakop nin mga karatan, Birhen kun ‘di mo tabangan, anong samong kamugtakan?</p>
---	---

Masusuri sa paghahambing na bagama’t sa binagong bersiyon ay nakaalinsunod na ang pagbabaybay sa kasalukuyang ortograpiya ng Bikol, halimbawa ang *Diyos patungog Dyos, calagnitan sa kalangitan, quinaban sa kinaban, at marami pang iba (nakalahad sa ibaba ang anotasyon ng mga binagong baybay)*, napapanatili pa rin nito ang panrelihiyong tono ng Pasyon na may temang nakatuon sa naratibo ng buhay at pagkamatay ni Hesukristo habang nasa lupa. Masusuring may ilang bahagi sa Pasyon na hindi nakaalinsunod sa ang pangkalahatang tradisyonal na porma ng Pasyong Bikol na may limang taludturan at wawaluhing pantig ay nagtangka ang mananaliksik na maisaayos ito sa pamamagitan ng pag-aangkop ng ilang salita nang may maingat na pagpapanatili ng kabuoang kalidad nito na binubuo ng mga dasal o *pamibi*, yugto, at hulit.

Sa pagsasaalang-alang ng mga aspektong nabanggit, pinakaangkop na ginamit dito ang prosesong intralingguwal na pagsasalin na isinudlong ni Roman Jakobson (1957) na may pangkalahatang layunin na mapanatili ang kahulugan ng kabuoang teksto,



bagama't dahil sa kahingian ng iba't ibang awdyens ay mababago ang porma nito katulad ng *makalumang* pagbabaybay (*archaic spelling*), sinaunang mga katawagan, at wastong pagbabantas na sinunod sa makabagong bersiyon ng Pasyong Bikol.

**Pangalawa, Pangatlo, at Pang-apat na Hakbang** – Sa tulong ng intralingguwal na pagsasalin ng Pasyong Bikol, makikita sa susunod na anotasyon ang masusing paghahambing sa SL at TL nang may pagbibigay-diin sa lahat ng mahahalagang pagkakaiba sa kahulugan, estilo, gamit, at ideolohiya. Maliban sa mga nabanggit na elemento, mahalaga ring matukoy sa bahaging ito ang paglalahad ng pagkakaiba ng kabuoang impresyon sa pagitan ng bersiyon na nasa SL at nasa TL. Upang makompleto naman ang hakbang ng kritisismong pampagsasalin ng Pasyong Bikol, iniangkop sa ibabang talahanayan ang pang-apat na hakbang tuon sa pagtataya sa ginawang pagsasalin.

## Talahanayan 2

Anotasyon sa Piling halimbawa/*sampling* mula sa mga yugto

Orihinal	Intralingguwal na Salin	Kabuoang Impresyon sa SL at TL	Pagtataya o Pagpapasiya sa Ginawang Pagsasalin
<p>(1) Sa unang bahagi ng klaster ng intralingguwal na pagsasalin, nakapokus ang paghahambing sa gamit ng <i>consequential diagraphs</i> na nabuo dahil sa pagpapalit ng mga mahihinang patinig mulang Espanyol (i, u) na may mga mala-patinig na /w/ at /y/. Makikita rito ang mga digrapong: dy, sy, ny, my, at by.</p>			
Dios	Dyos	Ang parehong pagbabaybay ay hindi karaniwang ginagamit sa kasalukuyang pagsusulat. Mas ginagamit ngayon ang baybay na “Diyos,” na nagmula sa salitang Espanyol na “Dios.” Samantalang, kalimitan lamang sa mga gumagamit ng “Dyos” ay ang ilang manunulat.	Pinanatili sa intralingguwal na pagsasalin ang gamit ng “Dyos” upang makatugon sa konsistensi batay sa OB.
Sia	sya	Parehong malimit na ginagamit sa pagbabaybay ng panghalip sa Bikol. Madalas na ginagamit ang baybay na sa Filipinong “siya.”	Ginamit ang “sya” alinsunod sa OB. Ang kahinaan lamang nito ay ang pagbabawas ng pantig sa taludtod na ginamitan nito na nakaapekto sa porma ng Pasyon.

Orihinal	Intralinggwal na Salin	Kabuoang Impresyon sa SL at TL	Pagtataya o Pagpapasiya sa Ginawang Pagsasalin
Nia	nya	Katulad ng panghalip na “sya”, pareho itong malimit na ginagamit sa pagbabaybay ng panghalip sa Bikol. Madalas na ginagamit ang baybay na sa Filipino “niya.”	Ginamit ang “nya” alinsunod sa pamantayan ng OB. Ang kahinaan din nito ay ang pagbabawas ng pantig sa tuludtod na ginamitan nito na nakaapekto sa porma ng Pasyon.
Miercoles	Myerkules	Ang baybay na “Miercoles” ay ang pinagmulang salita sa Filipino na “Miyerkoles” na kalimitan ding naibabaybay na “Miyerkules.” Samantalang, hindi rin gamitin sa Bikol ang salitang “Myerkules” na kung susuriin ay nararapat lamang na gamitin dahil magsisilbi itong pananda na ang wikang ginagamit ay Bikol.	Sinunod ang baybay na “Myerkules” na iminungkahi sa OB upang makatugon sa konsistensi ng paggamit ng salitang naimpluwensiyahan ng Espanyol.
Viernes	Byernes	Ang pinagmulang baybay na “Viernes” sa Espanyol ay hindi ginagamit sa kasalukuyang panahon. Gayundin, kalimitang ginagamit sa pagsusulat sa kasalukuyan ang “Byernes”	Sinunod ang “Byernes” upang maialinsunod sa OB ang pagbabaybay.

Orihinal	Intralingguwal na Salin	Kabuoang Impresyon sa SL at TL	Pagtataya o Pagpapasiya sa Ginawang Pagsasalin
<p>(2) Layunin sa bahagi na ito na maitampok ang mga pagbabago na nakatuon sa gamit ng mga <b>Pagbabaybay ng mga Makalumang Salita o Indigenous Words</b>. Kung babalikan sa kaugnay na mga pag-aaral, isa sa mga naging suliranin ng mga mambabasa ay ang pagkalito at mababang persepsiyon sa mga simbolong ginamit sa lumang bersiyon. Bilang pagsasaalang-alang sa mga kasalukuyang awdyens na nais matuto at mabasa ang pasyon, minarapat ng tagasalang iangkop sa kasalukuyang gamit ang mga salita. Gayundin ang pag-oorganisa ng mga ito salig sa alituntunin ng OB at OP.</p> <p>Sa kabila ng mga pagpapalit na ito, walang pagbabagong naganap sa kabuoang kahulugan ng taludtod na kinabibilangan ng mga salitang nakalahad.</p>			
<b>(2.1) Pagbabaybay ng Katinig C na ginawang K</b>			
ica	ika	<p>Sa pangkalahatang pagsusuri, ang paggamit ng “C” sa pagbabaybay ng Pasyon ay ebidensiya ng impluwensiya ng alpabetong Espanyol sa panahon ng pagsasalin ni Hernandez (1866). Subalit sa kasalukuyan, mas maipapakita ang pagsusulat sa Bikol gamit ang “K” dahil ayon sa pag-aaral ni Mintz (2004), ang makalumang alpabeto sa Bikol ay binubuo lamang ng 20 ponema. Hindi rito kabilang ang “Cc.” Ginagamit ang “C” sa Espanyol upang maipabatid ang tunog /k/, samantalang sa Bikol ay direktang ginagamit ang titik “k”</p> <p><i>Halimbawa:</i> secreto (<i>Esp</i>) sekreto (<i>Bik</i>)</p> <p>Sa kabila ng pagbabagong ito, napanatili pa rin sa intralingguwal na pagsasalin ang kahulugang nais ipabatid ng mga salita.</p>	ginamit at tinanggap ang “ika”
caining	kaining		ginamit at tinanggap ang “kaining”
Cagurangnan	Kagurangnan		ginamit at tinanggap ang “kagurangnan”
cabarang	kabarang		ginamit at tinanggap ang “kabarang”
macacamhan	makakamhan		ginamit at tinanggap ang “makakamhan”
magpasacop	magpasakop		ginamit at tinanggap ang “magpasakop”
can	kan		ginamit at tinanggap ang “kan”
caban	kaban		ginamit at tinanggap ang “kaban”
cadagatan	kadagatan		ginamit at tinanggap ang “kadagatan”
calinig	kalinig		ginamit at tinanggap ang “kalinig”
casama	kasama		ginamit at tinanggap ang “kasama”
bagsic	bagsik		ginamit at tinanggap ang “bagsik”
caglalang	kaglalang		ginamit at tinanggap ang “kaglalang”

Orihinal	Intralingguwal na Salin	Kabuoang Impresyon sa SL at TL	Pagtataya o Pagpapasiya sa Ginawang Pagsasalin
cagabsan	kagabsan	<p>Sa pangkalahatang pagsusuri, ang paggamit ng “C” sa pagbabaybay ng Pasyon ay ebidensiya ng impluwensiya ng alpabetong Espanyol sa panahon ng pagsasalin ni Hernandez (1866). Subalit sa kasalukuyan, mas maipapakita ang pagsusulit sa Bikol gamit ang “K” dahil ayon sa pag-aaral ni Mintz (2004), ang makalumang alpabeto sa Bikol ay binubuo lamang ng 20 ponema. Hindi rito kabilang ang “Cc.” Ginagamit ang “C” sa Espanyol upang maipabatid ang tunog /k/, samantalang sa Bikol ay direktang ginagamit ang titik “k”</p> <p><i>Halimbawa:</i> secreto (<i>Esp</i>) sekreto (<i>Bik</i>)</p> <p>Sa kabila ng pagbabagong ito, napanatili pa rin sa intralingguwal na pagsasalin ang kahulugang nais ipabatid ng mga salita.</p>	ginamit at tinanggap ang “kagabsan”
sucac	sukat		ginamit at tinanggap ang “sukat”
catapusan	katapusan		ginamit at tinanggap ang “katapusan”
pagcasayod	pagkasayod		ginamit at tinanggap ang “pagkasayod”
icatlong	ikatlong		ginamit at tinanggap ang “ikatlong”
casoripot	kasuripot		ginamit at tinanggap ang “kasuripot”
cairaroman	kairaruman		ginamit at tinanggap ang “kairaruman”
binugtacan	binugtakan		ginamit at tinanggap ang “binugtakan”
saralac	saralak		ginamit at tinanggap ang “saralak”
calag	kalag		ginamit at tinanggap ang “kalag”
sinangcap	sinangkap		ginamit at tinanggap ang “sinangkap”
caogmahan	kaugmahan		ginamit at tinanggap ang “kaugmahan”
caiba	kaiba		ginamit at tinanggap ang “kaiba”
pacamahalon	pakamahalon		ginamit at tinanggap ang “pakamahalon”
camo	kamo		ginamit at tinanggap ang “kamo”
macacacan	makakakan		ginamit at tinanggap ang “makakakan”
casocol	kasukol	ginamit at tinanggap ang “kasukol”	
cahoy	kahoy	ginamit at tinanggap ang “kahoy”	
matocso	matukso	ginamit at tinanggap ang “matukso”	

Pagtanggap sa Intralingguwal na Pagsasalin ng Pasyong Bikol ni Tranquilino Hernandez

Orihinal	Intralingguwal na Salin	Kabuoang Impresyon sa SL at TL	Pagtataya o Pagpapasiya sa Ginawang Pagsasalin
<b>(2.2) Pagbabaybay ng Katinig QUI na ginawang K</b>			
quinaban	kinaban		ginamit at tinanggap ang “kinaban”
saquit	sakit		ginamit at tinanggap ang “sakit”
Aqui	Aki	<p>Sa pangkalahatang pagsusuri, ang nasa orihinal na pagbabaybay ng mga salitang ginamitan ng “QUI” ay buhat pa rin impluwensiya ng alpabetong Espanyol.</p> <p>Malinaw rin na hindi kabilang sa sinaunang alpabetong Bikol ang “QU.”</p>	<p>ginamit at tinanggap ang “Aki”</p> <p><b>Karagdagang pagtataya:</b></p> <p><i>Pinanatili ang malaking titik dahil tumutukoy ang “Aki” sa banal na Anak ng Diyos</i></p>
cabalaquid	kabalakid		ginamit at tinanggap ang “kabalakid”
masaquit	masakit		ginamit at tinanggap ang “masakit”
paquinabagnan	pakinabangan		ginamit at tinanggap ang “pakinabangan”
quinua	kinua		ginamit at tinanggap ang “kinua”
qui	ki		ginamit at tinanggap ang “ki”
quinacamtan	kinacamtan		ginamit at tinanggap ang “kinacamtan”
casaquitan	kasakitan		ginamit at tinanggap ang “kasakitan”

Orihinal	Intralingguwal na Salin	Kabuoang Impresyon sa SL at TL	Pagtataya o Pagpapasiya sa Ginawang Pagsasalin	
<b>(2.3) Mga lumang salitang may (ŋ) GN na ginawang NG</b>				
calagnitan	kalangitan	Kung susuriin, sa OB kabilang sa <i>other special cases</i> ang hanay na ito na nakatuon sa tunog ŋ na matatagpuan sa unang pantig ng isang salita ay dapat na ibaybay sa /ng/.	ginamit at tinanggap ang “kalangitan”	
cadonognan	kadunungan		ginamit at tinanggap ang “kadunungan”	
gnunian	ngunyan		ginamit at tinanggap ang “ngunyan”	
magna	mga		ginamit at tinanggap ang “mga”	
gnani	ngani		ginamit at tinanggap ang “ngani”	
cadonognan	kadunungan		ginamit at tinanggap ang “kadunungan”	
gnaran	ngaran		Karagdagan, batay naman sa paliwanag ni Mintz (2004), mahalagang tandaan na ang ‘ng’ ay kumakatawan lamang sa isang tunog ŋ, at hindi ang pagkakasunod ng /g/ + /n/ na sa kasalukuyan ay hindi na ginagamit sa bikol.	ginamit at tinanggap ang “ngaran”
pararagna	pararanga		ginamit at tinanggap ang “pararanga”	
tabagnan	tabangan		ginamit at tinanggap ang “tabangan”	
nahihilignan	nahihilingan		ginamit at tinanggap ang “nahihilingan”	
gnaya	ngaya	Ilan sa mga halimbawa na nakalahad sa OB ay ang sumusunod: <i>ngaran hindi gnaran</i>	ginamit at tinanggap ang “ngaya”	
lagnit	langit	<i>mga hindi magna</i>	ginamit at tinanggap ang “langit”	
tagnani	tangani	<i>sanga hindi sagna</i>	ginamit at tinanggap ang “tangani”	
dagnan	dangan		ginamit at tinanggap ang “dangan”	
napopognao	napupungaw	Sa kabila ng pagbabagong ito, napanatili pa rin sa intralingguwal na pagsasalin ang kahulugang nais ipabatid ng mga salita.	ginamit at tinanggap ang “napupungaw”	
hilgna	hilnga		ginamit at tinanggap ang “hilnga”	
tognod	tungod		ginamit at tinanggap ang “tungod”	
magnataman	mangataman		ginamit at tinanggap ang “mangataman”	
bugna	bunga		ginamit at tinanggap ang “bunga”	

Pagtanggap sa Intralinggwal na Pagsasalin ng Pasyong Bikol  
ni Tranquilino Hernandez

Orihinal	Intralinggwal na Salin	Kabuoang Impresyon sa SL at TL	Pagtataya o Pagpapasiya sa Ginawang Pagsasalin
<b>(2.4) Pagbabaybay ng makalumang salita gamit ang tunog O</b>			
Oh	O		ginamit at tinanggap ang "O"
masoripot	masuripot	May ilang alituntunin sa bahaging ito ang dapat sundin alinsunod sa OB at OP.	ginamit at tinanggap ang "masuripot"
orog	urog	Nakalahad ang sumusunod:	ginamit at tinanggap ang "urog"
itogot	itugot	(2.4.1) Alinsunod sa OP, Upang mapanatili ang 1 ponema sa mga padamdang, gamitin ang pagkakaltas ng impit na tunog /h/.	ginamit at tinanggap ang "itugot"
naoyayan	nauyayan		ginamit at tinanggap ang "nauuyayan"
bitoon	bituon		ginamit at tinanggap ang "bituon"
camondoan	kamunduan	<i>Halimbawa: Oh patunong O.</i>	ginamit at tinanggap ang "kamunduan"
tolo	tulo	(2.4.2) Alinsunod sa OB, kapag ang tunog ng patinig na o ay nasa huling pantig ng salita, gumamit ng /o/.	ginamit at tinanggap ang "tulo"
olod	ulod		ginamit at tinanggap ang "ulod"
doros	duros	<i>Halimbawa: kamot hindi kamut labot hindi labut bako hindi baku</i>	ginamit at tinanggap ang "duros"
boot	buot		ginamit at tinanggap ang "buot"
pinonan	pinunan	(2.4.3) Kapag ang tunog ng patinig o ay nasaan mang bahagi, gamitin ang /u/.	ginamit at tinanggap ang "pinunan"
olay	ulay	<i>Halimbawa: ulay hindi olay dulot hindi dolot samuya hindi samoya</i>	ginamit at tinanggap ang "ulay"
orog	urog		ginamit at tinanggap ang "urog"
guibohon	gibuhon	(2.4.4) Kapag dalawang beses lumitaw ang tunog o, ang unahan ay /u/, samantalang ang sunod ay /o/, anuman ang diin nito.	ginamit at tinanggap ang "gibuhon"
tinotoo	tinutuo		ginamit at tinanggap ang "tinutuo"
pasonod	pasunod		ginamit at tinanggap ang "pasunod"
pinagtogon	pinagtugon	<i>Halimbawa: bituon hindi bitoon utubon hindi otobon urog hindi orog</i>	ginamit at tinanggap ang "pinagtugon"
otobon	utubon		ginamit at tinanggap ang "utubon"

Orihinal	Intralingguwal na Salin	Kabuoang Impresyon sa SL at TL	Pagtataya o Pagpapasiya sa Ginawang Pagsasalin
sondon	sundon	<p><i>Hindi kabilang ang 'boot' {kabaitan} 'totoo' at 'baoo'</i></p> <p>(2.4.5) Kapag ang hulaping -on at -an ay nakadikit sa anumang pandiwang Bikolnon na nagtatapos sa tunog o, gumamit ng /u/.</p> <p>Halimbawa:  <i>paglaugan hindi paglaugan                      pagpaurugan hindi pagpaorogan                      sugoon hindi sugoon</i></p> <p>Sa kabila ng pagbabagong ito, napanatili pa rin sa intralingguwal na pagsasalin ang kahulugang nais ipabatid ng mga salita.</p>	ginamit at tinanggap ang "sundon"
madodonong	madudunong		ginamit at tinanggap ang "madudunong"
cairaroman	kairaruman		ginamit at tinanggap ang "kairaruman"
hayopan	hayupan		ginamit at tinanggap ang "hayupan"
arogan	arugan		ginamit at tinanggap ang "arugan"
paglaogan	paglaugan		ginamit at tinanggap ang "paglaugan"
lobos	lubos		ginamit at tinanggap ang "lubos"
nagmomondo	nagmumundo		ginamit at tinanggap ang "nagmumundo"
pinatorog	pinaturog		ginamit at tinanggap ang "pinaturog"
togon	tugon		ginamit at tinanggap ang "gusok"
gotom	gutom		ginamit at tinanggap ang "gutom"
madonong	madunong		ginamit at tinanggap ang "madunong"
noarin	nuarin		ginamit at tinanggap ang "nuarin"
naori	nauri		ginamit at tinanggap ang "nauri"
pagpaorogan	pagpaurugan		ginamit at tinanggap ang "pagpaurugan"
itotogot	itutugot		ginamit at tinanggap ang "itutugot"
ibabao	ibabaw	ginamit at tinanggap ang "ibabaw"	



Pagtanggap sa Intralingguwal na Pagsasalin ng Pasyong Bikol  
ni Tranquilino Hernandez

Orihinal	Intralingguwal na Salin	Kabuoang Impresyon sa SL at TL	Pagtataya o Pagpapasiya sa Ginawang Pagsasalin
<b>(2.5) Pagbabaybay ng tunog e</b>			
day	dai	Sa pagbabaybay ng mga salitang may tunog <i>e</i> ,	ginamit at tinanggap ang “dai”
laen	lain	pangkalahatang alituntunin batay sa OB ay ang paggamit ng /i/ imbes na /e/. Ito ay gagamitin anuman ang posisyon at diin nito sa salita.	ginamit at tinanggap ang “lain”
babaye	babayi		ginamit at tinanggap ang “babayi”
paglehehon	paglihihon	Halimbawa: <i>babayi hindi babaye</i>	ginamit at tinanggap ang “paglihihon”
pinaglaen	pinaglain	<i>sain hindi saen</i> <i>dai hindi dae</i>	ginamit at tinanggap ang “pinaglain”
manlaenlaen	manlain-lain	Sa kabila ng pagbabagong ito, napanatili pa rin sa intralingguwal na pagsasalin ang kahulugang nais ipabatid ng mga salita.	ginamit at tinanggap ang “manlain-lain”
naghale	naghali		ginamit at tinanggap ang “naghali”
<b>(2.6) Mga Diptonggo</b>			
tauong	tawong	Ito ay naibabaybay sa pamamagitan ng kombinasyon ng mga patinig at mala-patinig [y] o [w]	ginamit at tinanggap ang “tawong”
tucauan	tukawan		ginamit at tinanggap ang “tukawan”
icadua	ikaduwa	Ilan sa mga nakalahad na salitang ginamit sa Pasyong Bikol ay naisaling intralingguwal alinsunod sa mga alituntuning nakabatay sa OB:	ginamit at tinanggap ang “ikaduwa”
bulauan	bulawan		ginamit at tinanggap ang “bulawan”
paniualaan	paniwalaan		ginamit at tinanggap ang “paniwalaan”
camurauayan	kamurawayan	<i>aw hindi au</i>	ginamit at tinanggap ang “kamurawayan”
dua	duwa	halimbawa: duwa hindi dua	ginamit at tinanggap ang “duwa”
caaldauan	kaaldawan	<i>wo hindi uo</i> halimbawa: tawo hindi tauo	ginamit at tinanggap ang “kaaldawan”
pinucauan	pinukawan	<i>wa hindi au</i> halimbawa: pinukawan hindi pinucauan	ginamit at tinanggap ang “pinukawan”
liuanag	liwanag		ginamit at tinanggap ang “liwanag”

Orihinal	Intralinggwal na Salin	Kabuoang Impresyon sa SL at TL	Pagtataya o Pagpapasiya sa Ginawang Pagsasalin	
calangcauan	kalangkawan	<i>yo hindi io</i> halimbawa: Demonyo hindi Demonio	ginamit at tinanggap ang “kalangkawan”	
hauac	hawak		ginamit at tinanggap ang “hawak”	
ladauan	ladawan		ginamit at tinanggap ang “ladawan”	
caguinhauahan	kaginhawaan		ginamit at tinanggap ang “kaginhawaan”	
murauay	muraway		<i>ya hindi ia</i> halimbawa: masiyasat hindi masiasat	ginamit at tinanggap ang “muraway”
pagcadios	pagka-Dyos		ginamit at tinanggap ang “pagka-Dyos”	
misteriong	mistryong		Sa kabila ng pagbabagong ito, napanatili pa rin sa intralinggwal na pagsasalin ang kahulugang nais ipabatid ng mga salita.	ginamit at tinanggap ang “mistryong”
biayang	biyayang		ginamit at tinanggap ang “biyayang”	
ayaoayao	ayaw-ayaw		ginamit at tinanggap ang “ayaw-ayaw”	
Demonio	Demonyo			
masiasat	Masiyasat		ginamit at tinanggap ang “masiyasat”	
<b>(2. 7) Pagkakaltas ng /u/ sa mga salitang nagsisimula sa /g/ na sinusundan ng tunog /e/</b>				
guinhauang	ginhawang	Alinsunod sa OB, kung ang /g/ ay matatagpuan sa unahang pantig kasunod ang tunog /e/, gumamit ng /i/. Samantalang, ang paggamit ng /u/ sa nakagawiang pagbabaybay ay hindi na kinakailangan pa.	ginamit at tinanggap ang “ginhawang”	
guinibo	ginibo		ginamit at tinanggap ang “ginibo”	
guibohon	gibuhon		ginamit at tinanggap ang “gibuhon”	
paguibo	pag-gibo	Sa kabila nito, hindi maapektuhan ang kahulugan ng pinalitang salita.	ginamit at tinanggap ang “pag-gibo”	

Pagtanggap sa Intralingguwal na Pagsasalin ng Pasyong Bikol ni Tranquilino Hernandez

Orihinal	Intralingguwal na Salin	Kabuoang Impresyon sa SL at TL	Pagtataya o Pagpapasiya sa Ginawang Pagsasalin
<p>(3) Ayon sa <i>Guide to Bikol Orthography</i> (Tria, 2014) may halos limang wika ang naka-impluwensiya sa Bikol katulad ng <i>Sanskrit, Chinese, Malay, Spanish, at English</i>. Sa kasalukuyan, marami man ang naasimila sa wikang Espanyol at Ingles, nangangailangan pa rin nang patuloy na pag-aasimila rito upang magamit sa pagtuturo sa mga paaralan.</p> <p>Sa bahaging ito, nakalahad ang lahat ng mga naasimilang salita at pangngalan sa Espanyol na naging bahagi na ng leksikon sa Bikol.</p>			
pinagllavihan	pinaglyabihan	Ilan sa mga pagbabagong nakalahad dito ay ang sumusunod:	ginamit at tinanggap ang “pinaglyabihan”
Torrens	Tore	(3.1) Ang may <i>ll</i> ay isinusulat sa bikol ng <i>ly</i> .	ginamit at tinanggap ang “Tore”
Profeta	Propeta	(3.2) Ang may <i>rr</i> ay isinusulat ng <i>r</i> .	ginamit at tinanggap ang “Propeta”
Emperatriz	Emperatris	(3.3) Ang may <i>f</i> ay isinusulat ng <i>p</i> .	ginamit at tinanggap ang “Emperatris”
manzana	mansanas	(3.4) Ang may <i>z</i> ay isinusulat ng <i>s</i> .	ginamit at tinanggap ang “mansanas”
Virgen	Birhen	(3.5) Ang may <i>v</i> ay isinusulat ng <i>b</i> .	ginamit at tinanggap ang “Birhen”
Eva	Eba	(3.6) Pagpapalit ng baybay na naasimila Espanyol tuon sa pagbabagong ponetiko	ginamit at tinanggap ang “Eba”
justo	husto		ginamit at tinanggap ang “husto”
infiernong	impyernong	Halimbawa:	ginamit at tinanggap ang “impyernong”
horasang	orasang	<i>husto hindi justo</i> <i>Hwebes hindi Jueves</i>	ginamit at tinanggap ang “orasang”
Jueves	Hwebes	<i>orasang hindi horasang</i>	ginamit at tinanggap ang “Hwebes”
benendicionan	binendisyonan	Sa kabila ng pagbabagong ito, napanatili pa rin sa intralingguwal na pagsasalin ang kahulugang nais ipabatid ng mga salita.	ginamit at tinanggap ang “binendisyonan”
gracia	grasya		ginamit at tinanggap ang “grasya”

Orihinal	Intralingguwal na Salin	Kabuoang Impresyon sa SL at TL	Pagtataya o Pagpapasiya sa Ginawang Pagsasalin
<p>(4) Isang alituntunin din na kailangang sundin sa anumang pasulat na paraan ay <b>tuon sa wastong paggamit ng mga bantas, pagkakaltas ng mga di-angkop na bantas, espasyo, at kapitalisasyon.</b> Buhat ng mahabang panahong impluwensiya sa paggamit ng wikang Espanyol, isa sa mga naasimila sa pagsusulat noon ay ang paggamit ng bantas alinsunod sa Espanyol. Sa kasalukuyan, mahalagang sundin ang wastong pagbabantas at kapitalisasyon batay sa OB at OP upang maiwasan ang kalituhan at iba pagpapakahulugan ng mga mambabasa sa isang teksto.</p>			
hinogna	hinog na	Sa kasong ito, maaaring nagkamali lang sa pagsusulat ang nagsalin ng Pasyon, kailangan pa ring iwasto ang mga salitang hindi naangkupan ng espasyo dahil maaari itong magdulot ng kalituhan sa mambabasa.	ginamit at tinanggap ang “hinog na”
di	'di	Sa lumang Pasyon, hindi pa sinunod ang angkop na paggamit ng kudlit ('). Bilang maiuuring tradisyonal na panitikan, mahalagang maiangkop ang paggamit nito upang maipabatid ang pagsunod sa pala-pantigan at estruktura. Sa paggamit nito, hindi pa rin maapektuhan ang kahulugan ng salitang ibinaybay.	ginamit at tinanggap ang 'di
¿	-	<p>Maliban sa wikang Chavacano, ang paggamit ng pabaliktad na pananong ay hindi na katangian sa kasalukuyang pasulat sistema sa bansa kabilang ang Bikol.</p> <p>Ang hindi paggamit ng bantas na ito ay walang naidulot na pagbabago sa kahulugan ng salita.</p>	hindi ginamit at hindi rin tinanggap ang pabaliktad na pananong.

Pagtanggap sa Intralinggwal na Pagsasalin ng Pasyong Bikol  
ni Tranquilino Hernandez

Orihinal	Intralinggwal na Salin	Kabuoang Impresyon sa SL at TL	Pagtataya o Pagpapasiya sa Ginawang Pagsasalin
laenlaen	lain-lain	Isa ring mahalagang bantas na kailangang isaalang-alang sa pagsasaling Intralinggwal ng Pasyong Bikol ay ang <i>hyphen</i> o gitling (-).	ginamit at tinanggap ang “lain-lain”
Pagcapersona	Pagka-Persona	Ginagamit ito maging sa wikang Bikol upang mapaghiwalay ang tambalang salita upang matukoy ang eksaktong kahulugan nito.	ginamit at tinanggap ang “Pagka-Persona”
Pagcadios	Pagka-Dyos	Karagdagan, para naman sa mga <b>salitang-ugat at salitang inuulit</b> , nagpasiya ang tagapagsalin na sundin ang tuntuning nasa OP dahil mayroon na itong iisang tuntunin sa kasong ito. Mas mapapanatili ang kahulugan nito kung ang pag-uulit ay nakatuon sa salitang-ugat kaya hindi na kailangang baguhin ang E at O kapag uulitin ang salitang-ugat.	ginamit at tinanggap ang “Pagka-Dyos”
caangelesan	ka-Angehelesan	Samantalang, sinunod naman sa pagbabantas ang nakalahad sa OB na gumamit ng gitling (-) sa paghihiwalay ng salita.	ginamit at tinanggap ang “ka-Angehelesan”
nagsaro saro	nagsaro-saro		ginamit at tinanggap ang “nagsaro-saro”
saro saro	saro-saro		ginamit at tinanggap ang “saro-saro”

(5) **Pagsasaalang-alang ng Tradisyonal na Porma ng Pasyon.** Ang pangkalahatang estruktura ng Pasyon ay binubuo ng 980 saknong na may isahang tugma na binubuo ng tigilimang taludtod at may sukat na wawaluhin. Batay sa pagsusuri ng mananaliksik, may mga bahagi sa bersiyon ni Hernandez na taliwas sa estrukturang ito. Upang makatugon dito, layunin ng alituntunin (5) na maipakita ang naging pasiya ng tagasalin upang matamo ang orihinal nitong estruktura sa pamamagitan ng pagdadagdag at pagkakaltas ng anumang bantas o salitang angkop sa ipinapakahulugan sa bawat taludtod. Bilang gabay, ginamit din ng mananaliksik ang Ortograpiyang Pambansa (OP), upang maipaliwanag ang ilang paraang ginamit sa intralingguwal na pagsasalin.

Kabilang dito ang paggamit ng kontraksiyon sa pagpapaikli ng mga salita, ang pagdadagdag ng unlapi at hulapi sa salitang ugat na ginamit, at maging ang pagsasaalang-alang ng mga impit na tunog /h/ upang maiyon ang ponema sa bawat salita. Samantala, sa paggamit ng salitang Dyos (*Diyos, Dios*), at alinmang pantukoy sa Dyos (Nya o Sya), mahigpit na sinunod ang alituntunin ng OB. Ito rin ay bibigkasin at papantigin batay sa kahingian ng bawat taludtod upang matamo ang estrukturang wawaluhin.

Orihinal na bersiyon	Intralingguwal na agsasalin
masoripot na macacmahan {9 na pantig}	masuripot na makam'han {8 pantig}
paghidcan na talaga {7 pantig}	paghihidkan na talaga {8 pantig}
pararagna nin camondoan {9 na pantig}	par'ranga nin kamunduan {8 pantig}
an icatlong Persona {7 pantig}	an ikatolong persona {8 pantig}
an palaman iyo iniho {9 na pantig}	an pal'man iyo iniyo {8 na pantig}
nin Santa Iglesiang liuanag {9 na pantig}	nin Santa Iglesiang liw'nag {8 na pantig}
na caya pinagtogon {7 pantig}	na kaya man pinagtugon {8 na pantig}
macaogmang pagmasdan {7 pantig}	makakaugmang pagmasdan {8 na pantig}

Matapos ang proseso ng pagsasagawa ng anotasyon para sa apat na hakbang ng kritisismong pampagsasalin, napatunayan ng mananaliksik na hindi maituturing na ganap na mapagkakatiwalaang salin ang anumang uri ng isinagawang pagsasalin kung hindi sumailalim sa prosesong ito, dahil ang kabuoan na resulta ng anotasyon ang maglalahad ng komprehensibong pag-unawa ng tagasalin sa iba't ibang sangkap na taglay ng SL at TL. Kabilang sa mga nasipat sa prosesong ito ay ang intensiyon ng tagasalin na nakatuon sa pagpapaunlad ng kultura sa pamamagitan ng pagpapaabot ng pag-aaral na ito sa espasyong akademiko. Karagdagan, ang pagpapahalaga sa estilo, pamantayang pangwika (wika, tono, tema, rehistro), at ipinapalagay ng orihinal na tagasalin ng Pasyong Bikol na si Tranquilino Hernandez. Nanatiling sentro ang kultura, wika, at tradisyon sa pagsasagawa ng intralingguwal na pagsasalin ng Pasyong Bikol kaya sa tulong ng sapat na pagbabasa at pagsasapraktika ng mga teorya at iba pang metodo sa pagtatamo ng pag-aaral na

ito, maaaring makapagbigay rin ng gabay sa ibang magtatangkang magsagawa ng isang intralingguwal na pagsasalin ng anumang relihiyosong teksto.

Samantala, maliban sa *Guide to Bikol Orthography* ni Tria (2014) at Ortograpiyang Pambansa ng KWF (2014), naging mabisang instrumento rin sa pagbuo ng anotasyon ang pagsangguni sa mga naunang pag-aaral kaugnay sa Ortograpiyang Bikol na isinagawa ni Malcolm W. Mintz, kaakibat ang pagsusuri sa *web* diksiyonaryo ng KWF at diksiyonaryo.ph. Mahalaga rin na bukod sa mga ito, matutuhan din ng mga tagapagsalin na pag-aralan ang estruktura ng iba pang wika maliban sa kaniyang SL at TL; halimbawa sa pag-aaral na ito naghanap ang mananaliksik ng wikang malapit pa rin sa kasalukuyan sa impluwensiya ng mga Espanyol at dito natuklasan ang creole na Chavacano. Bunga nito, hindi maaaring sabihin na sa buong Pilipinas ay wala nang sumusunod sa sistemang pasulat na mayroon ang mga Espanyol kabilang ang paggamit ng mga bantas katulad ng (¿) at (j). Ang pagsasawalang-bahala sa mga detalyeng ito ay magreresulta ng negatibong epekto sa magiging daloy ng pagsasalin dahil isa rin sa pokus ng intralingguwal na pagsasalin ay ang *pag-uupdate* sa makalumang grapemang mayroon ang orihinal nito.

Sa kabila ng prosesong ito, mahalaga na marunong ang isang tagapagsalin na tignan ang kaniyang gawa nang obhetibo at walang bias upang mabigyan ng hustisya ang orihinal na pagsasalin lalo na kung ito ay maiuuri sa hanay ng mga relihiyosong akda.

Karagdagan, sa pangkalahatang pagsasagawa ng kritisismong pagsasalin alinsunod sa apat na hakbang ni Newmark, mapapatunayang hindi lamang malilimitahan ang pedagohiya ng pagsasalin sa inilahad na pamantayan ni McAlester (1999) na katulad sa pagmamarka ng isang gawain sa klase na pasado o bagsak. Binubuwag nito ang pamantayang nabanggit dahil sa komprehensibong anotasyon ay maipapakita ang pagsang-ayon nito sa mungkahi ni Buban (2021) na kailangang baguhin ang mababang pagtingin sa gawaing pagsasalin.

Patunay ang personal na danas ng mananaliksik, na hindi naiiba ang kaniyang danas sa iba pang tagapagsalin na dumaan sa ilang beses na pagsusuri, pagninilay, at pagpapasiya. Karagdagan, napatotohanan sa prosesong ito ang pag-aaral sa *orality in translation* ni Buckley (2001) dahil kabahagi ng tradisyon ng Pasyon ang *Pabasa o Paupos* na naging isa sa mga salik na nakaapekto sa pagdedesiyon sa buong proseso ng pagsasalin. Marapat lamang na isaalang-alang ang kapakanan hindi lamang ng kasalukuyang awdyens bagkus maging ang mga parapanganam na silang nagbibigay buhay nito at nagsisilbing tagapag-ingat ng tradisyong naipamana pa ng mga Espanyol.

Sa tulong ng intralingguwal na pagsasaling naisagawa ay magkakaroon ng ugnayan sa pagitan ng mga parapanganam at ang kasalukuyang henerasyong kinabibilangan na rin ng mga magiging tagapagmana ng tradisyon ng Pasyon. Napatunayan din sa prosesong ito ang kahalagahan ng sinabi ni (Hewson, 1995) na ang kritisismong pampagsasalin ay ebalwatibo sapagkat nakatuon ito sa potensiyal ng

isinagawang pagsasalin. Ayon sa kaniya, ang isang pagiging kritiko ay katumbas din ng pagiging tagapagsalin na may pantay na ginagampanan sa proseso ng pagtatamo ng isang mapagkakatiwalaang pagsasalin. Hindi rin maiuuri na simpleng rebyu lamang ang naisagawang anotasyon dahil hindi pawang komento at walang pagdidikta kung nararapat bang basahin o hindi basahin ang isinagawang pagsasalin. Malaya nitong ibibigay sa mga mambabasa ang kalayaang basahin o pahalagahan ang pag-aaral na ito.

Maliban sa prosesong kritisismong pampanitikan batay sa padron ni Newmark, mahalaga ring kinikilala ng pag-aaral na ito ang Pasyong Bikol bilang panitikan ng rehiyon kung kaya maingat nitong pinanatili ang tauhan, tema, tagpuan, at kabuoang elemento ng narasyon nito. Upang matamo ito, isinaalang-alang din ng mananaliksik ang mga krayterya sa pagsasalin ng panitikang rehiyonal susog sa pag-aaral tungkol sa pagsasalin ng *palavvun at unoni* ni (Liban-Iringan, 2005) partikular **ang (1) isa-sa isang salin, (2) pagpapanatili ng ritmo, at (3) pagpapaikli o pagdaragdag tuon sa estruktura at, (4) adaptasyon at panghihiram.** Kaiba sa layunin ng *palavvun* na magpasaya, ang Pasyong Bikol sa pangkalahatan ay may kaakibat na panata bilang pakikiisa ng mga Bikolano sa paghihirap ni Hesukristo sa panahon ng kaniyang pasyon upang matubos ang sangkatauhan sa pagkakasala. Samantalang, katulad ng *unoni*, inaawit naman ang pasyon nang may kaakibat na *paghohorop-horop* o pagninilay tuwing *Semana Santa*. Nagamit din ang ilang salitang Bikol na nakaambag sa bokabularyo ng Wikang Pambansa katulad ng sumusunod: *bulawan-ginto, bulan-buwan, magayon-maganda, maogma-masaya, tukawan-upuan, kalag-kaluluwa, halangkaw-mataas, padagos-patuloy, banwaan-munisipalidad, pungaw-pangungulila*. Ang ganitong mga tala ay maituturing na kapakipakinabang na proseso sa pagtutumbas ng katapat na salita mula sa iba pang rehiyonal na wika sa bansa katulad ng Bikol.

Kaugnay rito, isinaad ni Hernandez (1866) sa panimula ng *Pasion Bicol*, ang pagkakaroon ng pagsasalin sa Bikol ng mahal na Pasyon ay naging daan upang malinawan ang mga pangamba ng mga Bikolanong *nanganganam* gamit ang Pasyong Tagalog na nauuwi lamang sa pagbabasa nito imbes na maipahayag nang buong puso ang nilalaman ng pasyon. Kung gayon, maituturing na lunas ng agam-agam ang anumang nagawang rehiyonal na pagsasalin katulad ng **intralingguwal na pagsasalin** ng Pasyong Bikol dahil nagagawa nitong maitampok ang mga konseptong malapit sa kultura, tradisyon, wika, at pag-unawa ng mambabasa sa kaniyang panahon. Mas nadaramang higit ng mambabasa sa kasalukuyang henerasyon ang konteksto nito nang may kagaanan sa loob at sa oras

### Focus Group Discussion

Ang bahaging ito ay naglalaman ng ilang piling pahayag mula sa mga *respondent* ng pag-aaral partikular ang mga pari at mag-aaral sa AdNU-SHS sa ilalim ng asignaturang Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa pananaliksik. Nakalahad dito ang kanilang pagtanggap, mga pamantayan sa pagtataya, at ilang rekomendasyon sa naging pag-aaral.



Pagtanggap sa Intralingguwal na Pagsasalin ng Pasyong Bikol ni Tranquilino Hernandez

Tanong	Pagtanggap	Tanong	Rekomendasyon
<b>MGA MAG-AARAL</b>			
<p>Ano ang inyong naramdaman matapos basahin ang dalawang bersiyon? Palawakin ang sagot sa tulong ng tiyak na halimbawa ng inyong danas sa pagbabasa.</p>	<p><b>Kalahok 1</b>  <i>“Akin para sa’kin po Ma’am, ang mga naramdaman ko po Ma’am ay pagkamangha, interes, at pagka-unawa po kasi mas naintindihan ko po ‘yong bagong bersiyon saka may mga... bago po ako natutuhan na mga salita.”</i></p>	<p>Ano-ano ang mga napansing pagbabago sa dalawang bersiyon? Ibahagi ang inyong rekomendasyon sa pag-aaral.</p>	<p><b>Kalahok 1</b>  <i>“Para po sa akin ang mga napansin ko po na pagbabago ay katulad po kila kalahok 2 at kalahok 5, ahm... ‘yong pagbaybay po hindi normal gamitin ang pagbaybay noon sa kasalukuyang panahon at isa pa po ‘yong pagbabago ng salita matapos isalin at pagbabago ng letra’t salita mula sa dating bersiyon hanggang sa bagong bersiyon po, sang- ayon po ako dito dahil mas lalo ko pong naunawaan ang mensahe ng aking binasa.”</i></p>
	<p><b>Kalahok 2</b>  <i>“Ako po, Ma’am nang... matapos ko pong basahin ang bagong bersiyon ay nakaramdam po ako ng tuwa, paglilinaw at paninibago. Dahil naintindihan ko na nang mas maayos ang mensaheng hatid ng Pasyong Bikol ito ay dahil mas naunawaan ko po ito kaysa noong sa orihinal na bersiyon kung saan ako’y naguguluhan dahil sa kakaibang baybay letra at paggamit ng bantas, kahot na hindi man nagkakatayo ang paggamit ng mga salita ang bagong bersiyon ay mas pinasimple at mas pinagaan basahin.”</i></p>		<p><b>Kalahok 4</b>  <i>“Matapos ang malalimang pagsusuri ng dalawang bersiyon ito ay ilan sa mga positibong katangian na aking napansin sa ginawang Intralingguwal na pagsasalin ng Pasyong Bikol, Una mas madaling maunawaan ang mga salita kung paano ito bigkasin ang siya ring pagkabaybay, mas madaling maintindihan ang teksto at ang gamit ng mga salita ay pangkaraniwang salita na maririnig at mambabasa na angkop sa mambabasa ngayong panahon at masusuri natin kung paano naisalin ang bagong bersiyon kumpara sa luma.”</i></p>

Tanong	Pagtanggap	Tanong	Rekomendasyon
	<p><b>Kalahok 10</b>  <i>“Sa akin naman po ma’am, sa pagbasa ko at pag-analisa ng makabagong salin ng Pasyong Bikol namayani sa ‘kin ang kagalakan, kamanghaan at kalinawan sapagkat mas nabigyang klaro ang mga salitang nakalahad. Isa pang napansin ko ay mas nahihirapan kami Ma’am na magbasa at intindihin ang nasa makalumang bersiyon dahil ang estilong pagsulat na ginamit dito ay hindi na nakikita sa mga araw-araw at kasalukuyang panahon, ‘yon lamang po.”</i></p>		<p><b>Kalahok 10</b>  <i>“Sa akin naman po parepareho lang naman po ang pagbabago na napansin ko, ang paglilipat ng mga letra sa salita, ganoon rin ang mga letrang tinanggal sa mga salita may mga letra na pinalitan ng ibang mga letra katulad ng salitang Dyos pinalitan ang letrang I at ginawang Y, may mga letra rin na tulad ng torreng binawasan ng R, nawala na din ang letrang Q sa intralinggwal na pagsasalin kung sangayon ako rito dahil mas naging madaling basahin ang teksto.”</i></p>
<b>MGA PARI</b>			
<p>Ano ang inyong naramdaman matapos basahin ang dalawang bersiyon? Palawakin ang sagot sa tulong ng tiyak na halimbawa ng inyong danas sa pagbabasa.</p>	<p><b>P. WJST</b>  <i>“Paiba-iba ang pagbababaybay, sa modernong paraan, so malinaw na sa modernong mga estudyante ‘yong presenteng mga estudyante ngayon hindi na accessible, ‘yong lumang pagbababaybay. Halimbawa diyan ‘yong paggamit ng mga diphthongs, or ano ‘yong tawag sa tatlong sunod-sunod na mga vowel. Halimbawa diyan ‘yong salitang laway, parang lahat na lang ‘yan vowels so kapag hindi mo ginamitan ng W at Y at lahat na lang vowels</i></p>	<p>Ano-ano ang mga napansing pagbabago sa dalawang bersiyon? Ibahagi ang inyong rekomendasyon sa pag-aaral.</p>	<p><b>P. WJST</b>  <i>“Sakuya highly recommended, igwa lang igding mga puwede pang debatehan, arog kaning laguwerta, pigmaintain mo an spelling na iyan, bako man ‘yan proper noun. So, ako kaya an guide ko pag bako man proper noun pwede mo na gamiton ngunyan ano? Ta saka dai man halimbawa pigcapitalize niya, dai man kaipuhan, baka mga typos ‘yan kadto puwede ‘yan baguhon. Ining halimbawa Eva, Eva. Puwede mong iretain ta pagproper noun, Halimbawa an Jesus ko dai ko inaarog</i></p>

Pagtanggap sa Intralinggwal na Pagsasalin ng Pasyong Bikol  
ni Tranquilino Hernandez

Tanong	Pagtanggap	Tanong	Rekomendasyon
	<p><i>talagang wala ng makakabasa niyan. Kaya sa modernong pagsusulat, ginamitan na natin ng mga consonant, pag nagga-glide iba 'yong salitang nagga-glide tutulungan ito ng W at Y para madaling basahin at hindi na 'yong kombinasyon ng I, A, O, U etc. na hindi na tanggap.</i></p> <p><i>"Una siyempre pabor ako doon sa ginawa mo, pabor una sa lahat 'yon naman 'yong unang advocacy ko na maggagawa. Tayo magsusulat ng mga novena puwede 'yong old style of Bikol writing kasi maganda naman 'yong pagsusulat at pagsasalita ng Bikol. Noong panahon, hindi pa siya chapsouey o halo-halo, na hinaharuan na ng Tagalog at saka English, purong Bikol. Pero ah talagang kailangan ng baguhin 'yong pagbabaybay, 'yong tinatawag nating orthography, tapos pangalawa ah mahalaga na mayroong consistency, kaya may ginawa tayong guidelines. Hindi 'yong guidelines na galing sa akin, pero guidelines na kinonsulta natin and buong Bikol, so kahit masakit man sa 'kin kasi hindi nasunod 'yong</i></p>		<p><i>idtong Hesus kan Tagalog na ginibong H ta kung gigibuhon mo siyang H, di pati kuwan Juan, Jose gigiribuhon mo naman H.Tauno ta gigibuwon mo siyang H? So safe ka kung proper noun, irerretain mo, ngaya Victory Liner alangan man baguhon ko pa 'yan, ta iyo palan pangaran kan company. Halimbawa ngaya names of places actually pigrecommend ko baraguhon pero legal 'yan eh, 'yan ang nakalaag sa law na ngangaranan mong Calabanga letter C, pero an iba pigbabago na an Davao ngani DABAW, tapos an Cebu S na, so iyan boot sabihon puwedeng urulayan. Igwang mga proper names sunodon lang, unless, unless kan binunyagan ka iyo na ini an sinurat Eva, Eva pero sa hiling ko kan binunyagan si Eva duman, dai ta mariribayan ta duman 'yan sa birth certificate ni Eva.</i></p>

Tanong	Pagtanggap	Tanong	Rekomendasyon
	<p><i>feeling ko na ito dapat ang pagbabaybay na kagaya ng "enot," ako talagang ginagamit ko pa 'yong letter E, pero lumalabas doon na inclined ang taong gamitin 'yong I, e consistent naman 'yan doon sa research natin na, 'yong three Spanish na letters, letra wala naman talagang E at O, wala 'yong tunog 'E and O wala, talagang matigas lang tayong A, I, U 'yon lang, nagkaroon lamang ng E and O dahil 'yong mga Spanish word mayroon silang E at O, kagaya ng edad, soledad, so hindi naman nating sinabing idad, sulidad."</i></p>		
	<p><b>P. FC</b>  <i>"Well kung hinahapot mo ako kung anong namati ko, actually kasi both 'pag binabasa mo mayo man ning pinagkaiba, mahiling mo lang pinagkaiba paghinihiling mo si mga spelling, so if you are asking if igwang pagkakaiba duman sa Pasyon of Bikol na pigtranslate, sa modernong bikol ta ngunyan I don't see any difference, but if you would ask mo kun ano an namati ko kan binasa ko idtong pasyon, which is ba... basically idtong</i></p>		<p><i>"Well an sarong positive na kuyan sabi ko ngani, na kuyan mas readable, sabi ko ngani kasubago barrier kaya an kuyan kan sarong tao kun dai niya masasabutan an pakasurat. Tano magparatiyaga kaming mga tao na siribot, paghiling mo pa kuyan masakiton mong basahon. Mawawara lugod si interes mong magbasa. So mas readable, magayon."</i></p>

Pagtanggap sa Intralinggwal na Pagsasalin ng Pasyong Bikol  
ni Tranquilino Hernandez

Tanong	Pagtanggap	Tanong	Rekomendasyon
	<p><i>istorya kan Dyos, paglalang sa kinaban, pagkamoot nin Mahal na Dyos satuya, kan iba pagbabasa kan pasyon, pirmi igwa nin kumbaga, istorya kan saro na paratubod, pagkabuhay kan paratubod, asin an Pasyon kan pagkamoot nin Mahal na Dyos halimbawa Hali sa paglalang kan kinaban, paglalang kan tawo, pero actually istorya kan, history of salvation kan tao, iyo man talaga, iyo man talaga ang laman kang pasyon. Anybody na mabasa kaini ‘yan ang sa iyang Istorya nin bibliya. So, kung an namati ko well... of course nakakabuhay kang pagtubod kan apresasyon kan karahayan kan Mahal na Dyos sa buhay ko bilang sarong indibidwal, Asin kung nabubuhay an sakuya na kaipuhan maging faithful sa Mahal na Dyos. As it is, kung sa translation dai ko nahiling an pagkakaiba kasi when you read it it sound like almost the same, pero idtong mensahe kan Pasyon duman mo mahihiling kan kuyan... kuyan ang mensahe mahalaga.”</i></p>		

Tanong	Pagtanggap	Tanong	Rekomendasyon
	<p><b>P. J.O</b>  <i>“Talagang I admire po ining study mo pong ini. Saro sa nahiling ko po digdi na until now dati garo baga an Pasyon ta na napapahalagahan, sa bukid po iyo pa, pero lalong-lalo na po sa cities kun minsan dai na po natatawan nin importansya, but the Pasyon, an Bikol na Pasyon is really ah ano a tradisyon po ‘yan kanato, it is a treasure, kan simbahan. Ta dawa po dai nagsisimba, nagbabasa po sinda nin Pasyon, and they feel the Pasyon, that is why kinakanta po ining pasyon. Kaya magayunon po ini na mas maintindihan po ninda. An na-feel ko po kan mabasa ko po ini sabi ko wow, at least may young generation na they are really doing their effort to translate into a new... new tongue... ayy bako man palan siyang new tongue talaga pero kundi mas maintindihan po mas harani po sa henerasyon.”</i></p>		<p><b>P. J.O</b>  <i>“An negative lang po digdi, seguro an mga older generation medyo masakitan po sindang mag-adjust, masakitan po sindang mag-adapt, ta same po sa translation kan Bikol sa simbahan man mga dictionary kan mga order of the mass. Mga old generation na padi, si mga gurang na padi iyo na po iyan, matarartranslate pa ngaya. Si nanudan na pati po baga an Ama niamo, an Ama niamo po pinagcorrect po iyan, pinagtama, so pagka translate tapos minsannagkakaprolema si iba ta dai na sinda nakakamemorize iba na baga ngaya. Iyo po iyan seguro an negative na ta we need to adjust. Though it is a tradition, and a tradition means being handled over to the next generation kaya I really admire po na sa ngunyan may naggigibo pa po kaini nagtatagal po kaini ta parang iyo po ini an gift for the next generation. Hundreds years from now adi pong translation mo pong ini may mababago na naman in future ta baka pag-abot kan panahon po mayroong ng mga jejemon na tataramon baka mga arog po kayan an posibleng mangyari,</i></p>

---

Tanong	Pagtanggap	Tanong	Rekomendasyon
			<i>we don't know yet.. "Mas nahiling ko po digdi mas dakul po an positive kesa sa negative, 'yon po."</i>

## KONGKLUSYON

Sa pagsasagawa ng unang hakbang ng kritisismong pagsasalin, naipakita ang pangkalahatang intensiyon ng kabuoang pag-aaral na makapagtampok ng panimulang intralingguwal na pagsasalin na matatanggap ng iba't ibang kalahok at kalaunan ay maaaring magamit sa akademikong espasyo. Samantala, sa pamamagitan ng pagsusuri, natukoy rin ang nangingibabaw na lengguwahe sa makabagong bersiyon na fusyong wikang Bikol-Albay at Bikol-Sentral. Karagdagan, dahil isang tekstong panrelihiyon isinaalang-alang ng mananaliksik ang estilo o malikhaing pagsasalin upang maging matapat ang tagasalin sa pagpapanatili ng estruktura at kabuoang naratibo ng Pasyon.

Makikita naman sa isinagawang anotasyon ang masusing paghahambing sa SL at TL ng Pasyong Bikol na nakapagbigay-diin sa limitasyon sa intralingguwal na pagsasalin nito dahil sa uri o *genre* ng akda. Buhat nito, maingat na isinaalang-alang ng tagasalin ang parehong kahulugan, estilo, gamit, at ideolohiya ng dalawang bersiyon ng pasyon. Kaiba sa mga akdang naisalin na na nagkaroon ng pagbabawas at pagdaragdag sa nilalaman nito, mahigpit na sinunod sa pagsasalin ang layunin ng Pasyon alinsunod sa mungkahi ng Obispo Gainza na maisalin ito sa Bikol at magamit ng mga Kristiyano tuwing Kuwaresma.

Masusuring hindi madali ang pagbibigay ng kabuoang impresyon sa SL at TL kung hindi nasangkap ng isang tagasalin at kritiko ang kaniyang sarili ng mga babasahing tumatalakay sa gawaing pagsasalin, araling panggramatika, at ortograpiya. Bilang pangunahing sangkap ng pagsasalin ang wika, kailangang matalunton ng tagasalin ang etimolohiya ng isang salita maging ang uri ng varayti ng wikang itinatampok nito dahil sa pamamagitan lamang ng lohikal na paliwanag makakabuo ang tagasalin ng isang obhetibong impresyon na walang bias at diskriminasyon sa ibang wika kaugnay ang alituntuning pangwika na ginagamit dito.

Sa pagtataya naman ng SL at TL, naging batayan ang komprehensibong paliwanag sa pangatlong hakbang upang makapagpasiya ang tagasalin kung tatanggapin niya o hindi ang pagbabagong naganap sa makabagong bersiyon. Batay sa pagtataya ng mananaliksik, lahat ng mga natuklasang pagbabago alinsunod sa OB at OP ay tinanggap.

## MGA SANGGUNIAN

- Alejandro, Rufino. 1980. *Ang Sining ng Pagsasalin*. Maynila. Rex Bookstore.
- Almario, Virgilio S. 2003. *Patnubay SA Pagsasalin*. Pasig City, Philippines: Anvil.
- Almario, Virgilio S. 1997. *Tradisyon at Wikang Filipino*. Quezon City: UP Sentro ng Wikang Filipino.
- Almario, Virgilio. 1996. Pagsulyap sa Kasaysayan ng Pagsasalin. Daluyan, Tomo VII, Bilang 3-4. UP Sentro ng Wikang Filipino.
- Almario, Virgilio. 1995. Tungo sa Nagkakaisang mga Salin at Tagasalin. Daluyan, Tomo VI, Bilang 1-4. UP Sentro ng Wikang Filipino.
- Almario, Virgilio. 2015. *Introduksiyon sa Pagsasalin Mga Panimulang Babasahin Hingil sa Teorya at Praktika ng Pagsasalin*. Komisyon sa Wikang Filipino. Maynila.
- Almario, Virgilio. 2003. et al. *Patnubay sa Pagsasalin Lungsod Pasig*. Anvil Publishing, Inc.
- Almario, Virgilio S. 2016. *Madalas Itanong Hinggil Sa Wikang*. San Miguel, Maynila: Komisyon sa Wikang Filipino.
- Bassnett, Susan. 2014. *Translation Studies*. London: Routledge.
- Batnag, Aurora E., Jayson D. Petras, and Lilia F. Antonio. 2009. *Teksbuk Sa Pagsasalin*. Quezon City: C & E Publishing.
- Baker, Mona. 1998. *Routledge Encyclopedia of Translation Studies*. London: Routledge.
- Cohen, J. 1986. Translation. *Encyclopedia Americana*. 27:12-15.
- Hernandez, Tranquilino. 1950. Casaysayan can Mahal na Pasion ni Jesucristo Cagurangnanta, na Sucat Ipaglaad nin Puso nin Siisay man na Magbasa. Diocesan Nueva Caceres.
- Hewson, Lance. 2012. *An Approach to Translation Criticism: Emma and Madame Bovary in Translation*. Amsterdam: Benjamins.
- Mintz, Malcolm Warren. 2004. *Bikol Dictionary*. Perth. Indonesian/Malay Texts and Resource.
- Munday, Jeremy. 2012. *Evaluation in Translation: Critical Points of Translator Decision-Making*. Routledge.
- R., Reganit Arnulfo Aaron. 2005. *Research Made Easy (Educational Setting)*. Cabanatuan City: Anahaw Enterprises.



- Venuti, Lawrence. 2018. *The Translator's Invisibility: A History of Translation*. London: Routledge, Taylor & Francis Group.
- Victoria, Vasil. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Filipino*. Ateneo de Naga University Press.
- Victoria, Vasil. 2016. *Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik*. Ateneo de Naga University Press.
- Tajvidi, G. R., Arjani, S. 2017. Appraisal theory in translation studies: An introduction and review of studies of evaluation in translation. *Journal of Research in Applied Linguistics*, 8(2), 3-30. H.
- S., Tria Wilmer Joseph. 2014. *Guide to Bikol Orthography*. Naga City, Philippines: University Research Council, Ateneo de Naga University.
- Zafra, Galileo S. 2009. *Salin-Suri: Panimulang Pagmamapa Ng Mga Larangan Ng Pag-Aaral Ng Pagsasalin Sa Filipinas: Ikatlong Sourcebook Ng Sangfil*. Diliman: Sanggunian sa Filipino, UP Sentro ng Wikang Filipino.

### **Mga Tesis at Disertasyon**

- Agung, I. G. A. M. 2016. "Translation Procedures in Translating Religious Terms." *Linguistika: Buletin Ilmiah Program Magister Linguistik Universitas Udayana*, vol. 23, Sep.
- Batnag, Aurora. 1997. "Pagbubuo ng Teorya sa Pagsasalin ng Tula: Paglalapat sa mga Piling Tulang Africano." Di nalathalang disertasyon. Manila: Philippine Normal University.
- Buban, Raquel S. 2024. "Ang Moog Sa Ibang Salita: Isang Intralinggwal Na Salin Ng Nobelang Tagalog Ni Medina." *Animo Repository*  
[https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd\\_doctoral/1263/](https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_doctoral/1263/).
- Nida, Eugene A. 2007. "The Sociolinguistics of Translating Canonical Religious Texts." *TTR : Traduction, Terminologie, Rédaction* 7 (1): 191–217. doi:10.7202/037173ar.
- Ilker E., Sulaiman A.M, Rukayya S. A. 2016. "Comparison of Convenience Sampling and Purposive Sampling." *American Journal of Theoretical and Applied Statistics*. Vol. 5, No. 1, 2016, pp. 1-4. doi: 10.11648/j.ajtas.20160501.11

**Mga Online Journal at Website**

Caulfield, Jack. 2023. "How to Do Thematic Analysis: Step-by-Step Guide & Examples." *Scribbr*. June 22.

<https://www.scribbr.com/methodology/thematic-analysis/#:~:text=Thematic%20analysis%20is%20a%20method,meaning%20that%20come%20up%20repeatedly>.

Admin, Bicolmail Web. 2018. "The Filipino Writer as a Translator." *Bicolmail*. bicolmail. November 22.

<https://www.bicolmail.net/single-post/2018/11/22/the-filipino-writer-as-a-translator>.

<https://diksiyonaryo.ph/>

Himoro, Marcelo Y.2021. *Towards a Spell Checker for Zamboanga Chavacano*

<https://www.aclweb.org/anthology/2020.lrec-1.327.pdf>.

Hill-Madsen, Aage. 2020. "The Heterogeneity of Intralingual Translation." *Meta* 64 (2): 537–60. doi:10.7202/1068206ar.

Kitzibatan. 2015. "Ang Kasaysayan Ng Pagsasalangwika Sa Daigdig at Sa Pilipinas." *Yakan*. August 15.

<https://kitzibatan.wordpress.com/2015/07/18/ang-kasaysayan-ng-pagsasalangwika-sa-daigdig-at-sa-pilipinas/>.

Komisyon Sa Wikang Filipino. 2024. "Pagsasalin Mulang Katutubong Wika Tungong Filipino: Ilang Isyu, Hámon, at Mungkahing Tugon.

<https://www.facebook.com/komfilgov/videos/489177718897194/>.

<https://kwfdiksiyonaryo.ph/>

Manuel, Y. (n.d.). Report - Seminar Sa Pagsasalang Wika. Scribd.

<https://www.scribd.com/document/342547043/Report-Seminar-Sa-Pagsasalang-Wika>

Maravilla, Lyqa. 2018 "New Testament Pinoy Version Review - Is It Any Good?" 2018. *YouTube*. YouTube. September 28.

Mathieu. 2022. "6 Contemporary Translation Theories." *Cultures Connection*. December 7. <https://culturesconnection.com/6-contemporary-theories-to-translation/>.

- Nida, Eugene A., and Charles R. Taber. 1969. "The Theory and Practice of Translation. with Special Reference to Bible Translating." <https://www.pdfdrive.com/the-theory-and-practice-of-translation-with-special-reference-to-bible-translating-helps-for-translators-8-e165240678.html>.
- Pergnier, M. (1978). Language-Meaning and Message-Meaning: Towards a Sociolinguistic Approach to Translation. In: Gerver, D., Sinaiko, H.W. (eds) Language Interpretation and Communication. NATO Conference Series, vol 6. Springer, Boston, MA. [https://doi.org/10.1007/978-1-4615-9077-4\\_18](https://doi.org/10.1007/978-1-4615-9077-4_18)
- Ringer. 2015. "Amang Hinulid Kan Calabanga *Wikipedia*. Wikimedia Foundation. [https://bcl.wikipedia.org/wiki/Amang\\_Hinulid\\_kan\\_Calabanga](https://bcl.wikipedia.org/wiki/Amang_Hinulid_kan_Calabanga).
- Savage Mind: Arts, Books, Cinema. 2022. Facebook. Retrieved August 21, 2022, from <https://www.facebook.com/SavageMindBikol/photos/a.326139041525082/1198077730997871/>
2024. *Language-Meaning and Message-Meaning: Towards a Sociolinguistic*. [https://link.springer.com/content/pdf/10.1007/978-1-4615-9077-4\\_18.pdf](https://link.springer.com/content/pdf/10.1007/978-1-4615-9077-4_18.pdf).

## ABOUT THE AUTHORS

Si **Rizalyn Sahagun** ay nagtapos noong 2023 sa Ateneo de Naga University ng programang Master of Arts in Education Major in Filipino. Siya rin ay naging manunulat ng *The Stateans* (Ang opisyal na Pahayagan ng mga mag-aaral ng CBSUA-Pili) noong 2014-2017. Kasalukuyang nagtuturo ng mga asignaturang Filipino sa Ateneo de Naga University SHS at nagsisilbing tagapayo ng KuritBULAWAN (Ang opisyal na Pahayagang pangmag-aaral ng Ateneo de Naga SHS.)

Si **Dr. Vasil A. Victoria** ay nagtapos ng doktorado sa Araling Filipino sa *De La Salle University*, Maynila na may perpektong kuwatro ang lahat ng marka sa kaniyang asignatura. Isinilang siya sa dalawang matinding dahilan, una ang magturo nang buong husay, at ikalawa ang magmahal nang buong dalisay. Naniniwala siyang ang tao ay ipinanganak para magtagumpay at maglakbay.